Novel Coronavirus (COVID-19)

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County
Mga Indibidwal na may HIV

Kamakailang mga Pagbabago:
11/9/20: Nagdagdag ng mga mapagkukunan sa kalusugang pangkaisipan (mental health), binago ang sapat na bilang ng gamot na dapat itabi. Nagbigay ng paglilinaw sa mga pagtalakay tungkol sa telehealth. Binago ang impormasyon tungkol sa programa sa pag-akses ng gamot ng ADAP.

Hinihiling ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan (Pampublikong Kalusugan) ng Los Angeles County ang iyong tulong upang mapabagal ang pagkalat ng novel coronavirus (COVID-19) sa Los Angeles County. Gusto ng Pampublikong Kalusugan na magbigay sa iyo ng ilang pangkalahatang impormasyon tungkol sa COVID-19, pati na rin ang mga partikular na hakbang na dapat gawin ng mga taong may HIV upang makatulong na mapigilan ang pagkalat ng impeksyong COVID-19.

Ang Kagawaran ng Kalusugan at Mga Pantaong Serbisyo (DHHS) ay nagpalabas ng isang "Pansamantalang Gabay sa COVID-19 at mga Taong may HIV," na nagbibigay-diin sa sumusunod na impormasyon at mga konsiderasyon para sa mga taong nabubuhay na may HIV at kanilang mga tagapagbigay:

- Ang limitadong impormasyon na kasalukuyang nagagamit ay hindi nagpapahiwatig na naiiba ang COVID-19 sa mga taong may HIV mula sa mga taong walang HIV. Bago ang epektibong antiretroviral therapy (ART), ang malalang impeksyon sa HIV (ibig sabihin, ang bilang ng CD4 cell ay mas mababa sa 200 / mm^3) ay isang dahilan ng panganib para sa mga komplikasyon ng iba pang mga impeksyon sa palahingahan. Kung ito man ay totoo rin para sa COVID-19 ay hindi pa naaalam.
- Ang mga nakatatandang tao at ilang mga tao na may HIV na may mga kasamang sakit (halimbawa, sakit sa puso o sakit sa baga) ay malamang na nasa pinataas na panganib na magkaroon ng mas malubhang mga epekto sa sakit na COVID-19. Ang mga talamak na paninigarilyo ay nasa panganib din ng mas matinding sakit.
- **Samakatuwid, hanggang sa madagdagan ang ating nalalaman, mahalaga na ang lahat ng mga taong may HIV, lalo na sa mga may malalang HIV o hindi maayos na nakontrol na HIV, ay gumawa ng mga hakbang upang makatulong na maprotektahan ang kanilang mga sarili mula sa COVID-19.**
- Ang bawat pagsisikap ay dapat gawin upang matulungan ang mga taong may HIV na mapanatili ang sapat na suplay ng ART at lahat ng iba pang kakailanganing gamot. Hindi bababa sa 30 araw, at mainam na 90 araw na supply ang dapat na maitabi.
- Regular na magpabakuna laban sa trangkaso at laban sa pulmonya.
- Magpalit at gumamit ng mail-order na paghahatid ng gamot kung kailanman posible.
- Ang mga birtwal o teleponong pagbisita (hal. mga telehealth na pagbisita) para sa nakaugalian (routine) o hindi-agarang pangangalaga at pagsunod sa pagpapayo ay maaaring pumalit sa mga personal na pagtatagpo. Ang mga taong may HIV at kanilang mga tagapagbigay ay dapat na talakayin ang mga panganib at benepisyo ng personal kontra sa telehealth na pagbisita upang tumulong na gabayan ang desisyon depende sa bawat kaso.

Sumangguni sa buong Gabay ng DHHS, na komprehensibo at may kasamang impormasyon para sa mga taong may HIV na nagdadalang-tao, mga bata o may lagnat o mga sintomas sa palahingahan at naghahanap ng pangangalaga.

Novel Coronavirus (COVID-19)

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County
Mga Indibidwal na may HIV

Inirerekomenda ng Pampublikong Kalusugan na ang mga indibidwal na may mas mataas na panganib para sa malubhang sakit mula sa COVID-19 ay gumawa ng mga sumusunod na aksyon upang mabawasan ang kanilang panganib na magkasakit:

- Iwasan ang malapitang pakikisalamuha sa mga taong may sakit.
- Gumawa ng pang-araw-araw na mga aksyon sa pag-iwas:
    - Iwasan ang mga masisikip na lugar at bigyan ang sarili mo ng espasyo mula sa ibang mga tao.
    - Panatilihing maikli ang pakikihalubilo sa mga hindi miyembro ng sambahayan.
    - Iwasan ang malapitang pakikisalamuha, tulad ng pakikipaghalikan at paghihiraman ng mga tasa o kubyertos, mga laruan, o kagamitang pang-isports.
    - Magsuot ng telang pantakip sa mukha kapag nasa labas ng bahay at nasa paligid ng ibang mga tao na hindi kasama sa iyong sambahayan.
    - Iwasan ang paglalakbay sa cruise at hindi kinakailangang paglalakbay sa eroplano.
    - Patuloy na inumin ang iyong regular na niresetang gamot.
    - Hugasan ang iyong mga kamay nang madalas gamit ang sabon at tubig na hindi bababa sa 20 segundo, lalo na bago kumain at pagkatapos na suminga, umubo, o bumahing, o pagkatapos gamitin ang banyo.
    - Kung walang magagamit na sabon at tubig, gumamit ng hand sanitizer na naglalaman ng hindi bababa sa 60% alkohol.
    - Iwasang hawakan ang iyong mga mata, ilong, at bibig gamit ang hindi nahugasang mga kamay.
    - Iwasan o linisan at disimpektahin madalas ang mga karaniwang nahahawakang mga bagay at ibabaw gamit ang isang regular na produktong panglinis ng bahay.
- **Dahil nakakaranas tayo ng isang pagkalat ng COVID-19 sa LA County, inirerekumenda naming manatili ka sa bahay** hangga't maaari upang higit na mabawasan ang iyong panganib na malantad at magsanay ng makabuluhang panlipunang pagdistansya kapag ikaw ay nasa labas ng iyong bahay at sa trabaho (pagpapanatili ng 6 na talampakan ang layo mula sa ibang mga tao at magsuot ng telang pantakip sa mukha kapag ikaw ay malapit sa sinumang tao na labas sa iyong tinitirahan).
- **Panatilihin ang iyong mga social network nang malayuan (remotely)** sa pamamagitan ng video chat, online o sa pamamagitan ng telepono. Makakatulong ito sa iyo na manatiling konektado sa lipunan at maayos ang kalusugang pangkaisipan. Humingi ng tulong kung ikaw ay may sakit at kailangang manatiling nakabukod sa bahay.
- **Makipag-ugnayan sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan upang tanungin ang tungkol sa pagkuha ng dagdag na kinakailangang mga gamot** kung sakaling kailangan mong manatili sa bahay sa mahabang panahon.
- **Habang ang ilang mga uri ng gamot sa HIV ay sinusuri bilang mga posibleng paggamot para sa COVID-19, hanggang sa kasalukuyan, wala sa mga ito ang napatunayang epektibo**. Maraming mga klinikal na pagsusuri ng mga gamot sa HIV ang isinasagawa ngunit hanggang sa madagdagan

pa ang nalalaman tungkol sa mga epekto ng mga gamot na ito sa COVID-19, ang mga taong may HIV ay hindi dapat palitan ang kanilang gamot sa HIV upang maiwasan o gamutin ang COVID-19.

Para sa Mga Taong may HIV na Tumatanggap ng Tulong sa pamamagitan ng Ryan White o Tulong para sa Gamot sa AIDS na Programa (ADAP)

Upang matiyak na mayroon kang akses sa iyong gamot, ipinatupad ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California ang sumusunod, hanggang noong Agosto 4, 2020:

- Ang ADAP ay pinatagal ang kanyang pinalawig na programa sa pag-akses ng gamot at ang mga kliyente ay patuloy na magkakaroon ng akses sa 90 araw ng gamot hanggang Pebrero 2021.
- Ang mga kliyenteng nagpapatala sa ADAP ay patuloy na magagawang magpatala (enroll) sa pamamagitan ng telepono katuwang ang kanilang manggagawa sa pagpapatala (enrollment worker).
- Ang pagiging karapat-dapat ay pinalawig sa hanggang sa susunod na petsa ng aksyon ng isang tao (muling pagpapatala o re-enrollment o muling pagbibigay ng sertipikasyon).

Katulad nito, para sa sinumang tao sa Los Angeles County na tumatanggap ng mga Ryan White na serbisyo, ang iyong pagiging kuwalipikado sa serbisyo ay pinalawig hanggang February 29, 2021.

Mga Mapagkukunan:

Kagawaran ng Kalusugan at Mga Pantaong Serbisyo ng Estados Unidos "Pansamantalang Gabay sa COVID-19 at Mga Taong may HIV." https://clinicalinfo.hiv.gov/en/guidelines/covid-19-and-persons-hiv-interim-guidance/interim-guidance-covid-19-and-persons-hiv

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County: Bumisita sa aming website para sa tamang impormasyon at mga mapagkukunan (kasama ang mga gabay na dokumento para sa mga partikular na lugar (hal., mga paaralan, mga klinika, mga lugar) at mga FAQ
http://ph.lacounty.gov/media/Coronavirus/#protection

Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit "COVID-19: Ano ang Dapat Malaman ng mga Taong may HIV"
https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/specific-groups/hiv.html

“COVID-19 Update: ADAP Network Pharmacies with Mail Order or Delivery Services” ng Tanggapan ng AIDS ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California.
https://cdph.magellanrx.com/external/commercial/cdph/doc/en-us/CDPH_network_pharmacies_mailorder_delivery.pdf

“Permanent Update to AIDS Drug Assistance Program (ADAP) Medication Mail-Order Policy for Out of State or Country Requests” ng Tanggapan ng AIDS ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California.
https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DOA/Pages/OA_ADAP_Management_Memo_2020_13_Permanent_Update_to_ADAPs_Medication_Mail_Order_Policy_for_Out_of_State_or_Country_Requests.aspx

Kalusugang Pangkaisipan:

Ang COVID-19 webpage ng Los Angeles County Department of Mental Health (LACDMH) at ang 211LA webpage 211la.org/resources/subcategory/mental-health ay nagbibigay ng mga lokal na mapagkukunan para tugunan ang mga pangangailangan at pagkabahala sa kalusugang pangkaisipan at kabutihan. Ang mga gabay at mapagkukunan ay magagamit rin sa CDC webpage, Pagkaya sa Stress.

Kung gusto mong makipag-usap sa isang tao tungkol sa iyong kalusugang pangkaisipan, makipag-ugnayan sa iyong doktor o sa Los Angeles County Department of Mental Health Access Center 24/7 Helpline sa 1-800-854-7771.